Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

20 Hulyo 2025 | Ika-16 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# PAGTANGGAP SA DAKILANG PANAUHIN

*Inaanyayahan tayo ngayong magnilay sa isa sa mga katunayan ng buhay – na ang Diyos ay maaaring maging Panauhin natin. Hinahamon tayong mamalayan nating Siya'y kapiling natin at pag-ukulan Siya ng magandang pagtanggap.*

*Nais ng Panginoong Siya'y paglingkuran di lamang sa ating mga gawain, kundi "ikagalak" din natin Siyang maging panauhin sa ating mga puso.*

*Sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya, ang Panginoo'y ating panauhin kapag pinagbubuksan natin Siya ng ating mga puso at tinatanggap Siya sa Banal na Komunyon. Buong buhay nati'y dapat na maging pagpapalawig sa ganitong pribilehiyong kapiling natin ang ating masintahing Diyos.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa akin ay tumutulong ang Diyos na Panginoon. Sa kanya ko iuukol ang alay ko na hahantong sa ngalan n'yang nagtatanggol.** ***(Sal 54:4.6)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, dakilang panauhin ka naming naghahatid ng kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kristo Hesus, nais mong sa kabila ng lahat ay magbigay kami ng puwang sa iyong pananatili sa aming piling, Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus nais mong maglaan kami ng panahon para sa pagdarasal at pagninilay, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, kalugdan mo kami at pagbigyan na magkamit ng kaloob mong karagdagan upang sa maalab naming pananalig, pag-asa at pagibig, kami'y mamalaging tumatalima sa iyong kautusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Gen 18:1-10***
*Ang pagtanggap ni Abraham sa tatlo niyang banal na panauhin ay di lamang isang magandang halimbawa ng matandang kaugalian, kundi isa ring tanda ng kanyang pagiging bukas sa Diyos at pagnanais niyang makiisa sa Kanya. Ito ay paanyaya rin sa atin para maging bukas sa Diyos at sa ating kapwa.*

***L* –**Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

**Noong mga araw na iyon, napakita ang Panginoon kay Abraham sa Mamre sa may sagradong mga punongkahoy. Noo'y kainitan ng araw at nakaupo siya sa pintuan ng kanyang tolda. Walang anuano'y may nakita siyang tatlong lalaking nakatayo. Patakbo siyang sumalubong, yumukod nang halos sayad sa lupa ang mukha, at sinabi: "Mga ginoo, kung inyong mamarapatin, magtuloy po kayo sa amin. Dito muna kayo sa lilim ng punong ito, at ikukuha ko kayo ng tubig na panghugas sa inyong mga paa. Magpapahanda tuloy ako ng pagkain para manauli ang lakas ninyo bago kayo magpatuloy sa inyong paglalakbay. Ikinagagalak ko kayong paglingkuran habang naririto kayo sa amin." Sila'y tumugon, "Salamat, ikaw ang masusunod."**


**Si Abraham ay nagdudumaling pumasok sa tolda at sinabi kay Sara, "Madali ka, kumuha ka ng tatlumpung librang harina, at gumawa ka ng tinapay." Pumili naman siya ng isang matabang guya sa kulungan, at ipinaluto sa isang alipin. Kumuha rin siya ng keso at sariwang gatas at inihain sa mga panauhin kasama ang nilutong karne. Hindi siya lumalayo sa tabi ng mga panauhin habang sila'y kumakain.**

**Samantalang sila'y kumakain, tinanong nila si Abraham: "Nasaan ang asawa mong si Sara?" "Nandoon po sa tolda," tugon naman nito. Sinabi ng panauhin, "Babalik ako sa isang taon, sa ganito ring panahon, at pagbabalik ko'y may anak na siya."**

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Salmo 15***
***B* –*Sino kayang tatanggapin sa templo ng Poon natin?***

*R. M. Velez*




*** Yaong mga masunurin na sa iyo'y nakikinig, at ang laging ginagawa'y naaayon sa matuwid, kung mangusap ay totoo, sa lahat at bawat saglit, yaong gawang paninira'y hindi niya naiisip. *B.***

*** Kailanman, siya'y tapat makisama sa kapwa, sa kanyang kaibiga'y wala siyang maling gawa; hindi siya nagkakalat ng di tunay na balita. At itinatampok niya ang matapat sa lumikha. *B.***

*** Hindi siya humihingi ng patubo sa pautang, at kahit na anong gawi'y hindi siya masuhulan, upang yaong walang sala'y patawan ng kasalanan. Ang ganitong mga tao'y mag-aani ng tagumpay. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Co 1:24-28***
*Si Hesukristo ang siyang pinakatampok sa dakilang plano ng pagliligtas ng Diyos sa mga Judio at mga Hentil. Sa planong ito, si Pablo ang masiglang tagapangaral at tayo ang mapapalad na tagapakinabang.*

***L* –**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Colosas

**Mga kapatid: Nagagalak ako sa aking pagbabata ngayon alang-alang sa inyo sapagkat sa pamamagitan nito'y naipagpapatuloy ko ang paghihirap na kailangan pang gawin ni Kristo para sa Simbahan na kanyang katawan.**

**Ako'y naging lingkod nito nang hirangin ako ng Diyos upang ipahayag sa inyo ang kanyang salita. Hinirang niya ako upang lubusang ihayag sa inyo ang hiwaga na mahabang panahong nalihim sa maraming sali't saling lahi, ngunit ngayo'y inihayag sa kanyang mga anak. Inibig ng Diyos na ihayag sa lahat ng tao ang dakila at kamanghamanghang hiwagang ito. Ito ang hiwaga: sumainyo si Kristo at dahil dito'y nagkaroon kayo ng pag-asang makapiling ng Diyos doon sa kaluwalhatian. Iyan ang dahilan kung bakit namin ipinangangaral si Kristo. Pinaaalalahanan namin ang lahat, at buong linaw na tinuturuan ayon sa aming makakaya upang maiharap namin sa Diyos ang bawat isa, sakdal at walang kapintasan dahil sa pakikipagisa kay Kristo.**

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Lu 8:15***
***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Ang Salitang mula sa D'yos kapag isinasaloob ay mamumunga nang lubos.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 10:38-42***
*Sa pagtanggap nina Marta at Maria kay Hesus, makikita ang dalawang magkapunuang paraan ng pagtanggap sa kanya sa ating buhay. Ito ay isang pampasigla sa atin upang maging bukas sa Panginoon at kapwa maglingkod at magpahalaga sa kanya.*

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, pumasok si Hesus sa isang nayon. Malugod siyang tinanggap ng isang babaing nagngangalang Marta sa tahanan nito. Ang babaing ito'y may isang kapatid**

**na Maria ang pangalan. Naupo ito sa paanan ng Panginoon at nakinig sa kanyang itinuturo.**

**Alalang-alala si Marta sapagkat kulang ang kanyang katawan sa paghahanda, kaya't lumapit siya kay Hesus at ang wika, "Panginoon, sabihin nga po ninyo sa kapatid kong tulungan naman ako." Ngunit sinagot siya ng Panginoon, "Marta, Marta, naliligalig ka at abalang-abala sa maraming bagay, ngunit isa lamang ang talagang kailangan. Pinili ni Maria ang lalong mabuti, at ito'y hindi aalisin sa kanya."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P* –**Ang Panginoon ay lagi nating kasama at nagnanais makipagniig sa atin, ngunit madalas tayong nakatuon sa "maraming ibang alalahanin." Ipahatid natin sa Dakilang Panauhin natin ang lahat ng ating mga kahilingan:

***B* –Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa Santa Iglesya: Nawa'y lagi niyang alalahanin ang kahulugan ng Panginoon bilang natatanging panauhin. Natin. Manalangin tayo! ***B.***

* Para kay Santo Papa Leon XIV, mga Obispo, at mga pinuno ng Simbahan: Pakinggan nawa nila ang pangaral ng Panginoon at ipahayag ito sa iba sa gawa at salita. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga manggagawa at ibang taong may maraming pinagkakaabalahan: Nawa'y magkapanahon silang magdasal at magnilay sa Salita ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga maysakit, mga bilanggo, at matatanda: Nawa'y gugulin nila ang mahahabang oras nila ng pangungulila't pagdurusa sa piling ni Hesus, na kanilang kaibigang panauhin. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa bawat isa sa atin: Nawa'y makakuha tayo ng inspirasyon at kasiglahan sa pangaral ni Kristo upang maging tapat sa ating mga pangako. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang tayong lahat ay matutong kumilatis at kumilala ng tamang daan sa buhay at nang ating mapahindian ang anumang naglalayo sa atin kay Kristo at sa Ebanghelyo, manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Hesus, nais mong maging panauhin namin upang palaguin kami ng kayamanan ng iyong pananatili at ng iyong salita. Ipagkaloob mo sa amin ang matamang pakikinig ni Maria at ang masiglang pag-aasikaso ni Marta upang mabuhay kaming kapiling mo at para sa iyo sa bawat saglit ng aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpasa walang hanggan.

***B* –Amen!**

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, lahat ng iyong mga paghahaing ipinagutos noong araw ay iyong pinagtibay sa isang haing hantungan ng tanan. Tanggapin ang ginaganap ngayon ng iyong mga lingkod at basbasan mo ito ng kabanalang gaya ng iyong kaloob sa mga alay ni Abel na lubha mong ikinalugod upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

## Prepasyo VI

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P* –**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

## Pagbubunyi

***B* –Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
*P* – Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Panginoong Hesus, ating Banal na Panauhin, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahang salubungin siya sa kanilang puso.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ngayon ay ginugunita, Poo'y mahabaging lubha. Sumasamba'y sasagana sa pagkain niyang handa, sa magsabing s'ya'y dakila.** ***(Sal 111:4-5)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
***B* – At sumaiyo rin!**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* – Amen!**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* – Salamat sa Diyos!**

---

# PANGAKO, PAGHIRANG, PAGTANGGAP

*Kalakbay at Katoto*

**Alam ng karamihan ang kwento sa unang pagbasa . . . kwento tungkol sa isang pangakong binitiwan sa isang malugod na tumanggap sa bisitang hindi inaasahan**. Alam rin ng marami kung gaano kahirap ang mag-asikaso ng bisitang walang kaabug-abog na dumarating . . . Nabibigla tayo . . . nadidiskaril ang balakin natin sa buong araw.

**Ngunit alam natin ang naging bunga ng pagkaabala ni Abraham sa tatlong lalaking dumating na lamang at sukat sa kanyang tahanan**. Matapos niya asikasuhin, pakainin, at bigyan ng panghugas ng paa ang tatlong bisita, nasuklian nang malaki ang kanyang puhunang kagandahang-loob – isang pangako mula sa mga sugo ng Diyos: *"pagbabalik ko'y may anak na si Sara."*

**Natupad ang pangakong ito sa pagsilang ni Isaac. Ito ang alam natin sa kasaysayan ng Biblia.**

Nguni't may higit pa kaysa rito. Sa pagpapatuloy ng banal na kasaysayang ito, dumating ang panahon na ang pangako ay natuon sa isang gumanap na parang si Isaac, parang mga personaheng nabanggit sa Lumang Tipan. Si Pablo naman ang isa pang objeto ng paghirang. Tulad ni Isaac na hinirang ng Diyos upang sana ay ialay bilang sakripisyo, nahirang rin si Pablo *"upang ipagpatuloy ang paghihirap na kailangan pang gawin ni Kristo para sa Simbahan na kanyang katawan."*

**Marami tayong hindi akalaing magaganap sa buhay natin**. Bilang isang probinsyano, kumbaga, hindi ko akalaing maaabot ko ang akin nang naabot ngayon. Kung babalikan ko ang nakaraan, kayraming mga bagay na dumarating na lamang at sukat na hindi natin binalak, hindi natin pinagpasyahan, nguni't nagaganap . . . sa ayaw at sa gusto natin. **May bagay at pangyayaring dumarating na lamang at sukat . . . walang kaabog-abog.** Ang mga bagay na ito ay maaaring hindi kaaya-aya, tulad ng pagdating ng mga "buwisita" sa buhay na-

---

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

tin, ika nga. May mga bagay namang nakatutuwa, nakatataba ng puso . . . mga bagay na alam nating hindi natin pinagpaguran, nguni't dumarating din sa buhay natin. Alam nating hindi tayo karapat-dapat sa anumang ito, ngunit pag dumating ay wala tayong magagawa kundi harapin nang buong tapang, buong ligaya, at buong pasasalamat.

**Madaling tanggapin kung ito ay kaaya-aya**. Walang problema kung ito ay pabor sa atin. Nguni't tulad ng mga bisita ni Abraham, gambala ang dulot ng tatlong lalaking malalakas kumain. Hindi madali ang magtiwala lalu na kung napaso ka na sa mga hanay ng tagapaglingkod sa gobyernong walang ginawa kundi patabain ang kanilang mga pitaka at impok sa bangko.

Nais kong isipin na lahat ng mga tagabasa ko ay nakaranas ng ganitong kapaitan. Tulad ni Abraham, na matapos pagkalooban ng isang anak, ay hiningi ng Diyos na ialay niya bilang sakripisyo . . . tulad ni Pablong nagbata ng sari-saring hirap mapalaganap lamang ang salita ng Diyos. **Ang pangako na nauwi sa isang paghirang sa kanya ay nagbunga ng paghihirap, ayon sa kanya mismo.**

**Sa kabila ng lahat . . . ako ay puno pa rin ng pag-asa**. Pag-asa ang aking lako bilang pari. Pag-asa ang aking produkto kaisa ng Inang Simbahan. Anumang pangako sa isang panibagong takbo ng lipunan, ay nangangailangan ng katumbas na paghirang sa mga taong handang tuparin ang pangako, tulad ni Abraham. Bagama't abala ang pagdating ng tatlong lalaki, tinanggap niya nang maluwag sa kalooban. Ang kanyang pagtanggap ay nagbunga ng pangako.

**Pagtanggap . . . ito ang ginawa ni Marta**. "*Malugod siyang tinanggap ng isang babaeng nagngangalang Marta sa tahanan nito.*" Dalawang estilo ang ipinamalas ng magkapatid sa pagtanggap. Ang isa ay nagpaka-abala. Naghanda. Nagsumikap para mapakain ang bisita. Ang isa naman ay naupo sa paanan ng panauhin. Nakinig. Nakipagniig. Pareho silang maraming natutunan. Si Maria ay natuto sa kanyang pakikinig. Si Marta ay napagyaman ang kanyang malugod na paglilingkod.

**Tayo man ay mayroong pangakong pinanghahawakan . . . pangako ng kaligtasan, ng buhay na walang hanggan**.

Ang pangakong ito ay magaganap kung handa rin tayong magpahirang at magpagal sa ngalan ni Kristo, tulad ni Pablo. Ngunit ang lahat ng ito ay nagbubunga ng mga kapalit sa pagtanggap. Kailangan nating makinig. Kailangan rin nating magpagal at mag-trabaho tulad ni Marta.

**Ang pagtanggap ay nangangahulugang dapat tayo magpaka-abala, maghirap kung kailangan, sa ngalan ng dakilang pangako na naghihintay para sa atin lahat.**

